REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
DECS Complex Meralco Avenue
Pasig City Philippines

PHILIPPINES 2000

Sama-Sama
sa DECS

*Office of the Secretary*

Oktubre 4 1999

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg 434 s 1999

**PAMBANSANG KUMPERENSYA SA PAG AARAL NG PAMBANSANG PANITIKAN**

Sa Mga Direktor ng Rehiyon
Pinuno ng Pribado at Pampublikong Paaralan sa Elementarya at Sekundarya

1 Isang Kumperensya sa Pambansang Panitikan ang itataguyod ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas U P Diliman, sa pakikipag ugnayan sa Philippine Writers Academy at National Commission for Culture and the Arts (NCCA) sa ika 25 26 ng Nobyembre 1999 sa Bulwagang Rizal Unibersidad ng Pilipinas Diliman Lungsod Quezon

2 Ang paksa ng Kumperensya ay Ang Pambansang Panitikan Bilang Dalumat ng Pag aaral at Pagtuturo ng Panitikan

3 Layunin ng naturang Kumperensya Worksyap ang sumusunod

- Maipaliwanag at maitaguyod ang pambansang panitikan bilang konsepto at konseptuwal na balangkas sa pag aaral at pagtuturo ng panitikang Filipino

- Maglahad ng estado ng pag aaral at pagtuturo ng pamban ang panitikan na nakasulat sa katutubong wika at nagmumula sa mga sektor

- Makapagdaos ng diyalogo sa pagitan ng akademiko sa unibersidad at guro sa iba t ibang antas sa ilang piling isyu at problema sa pag aaral at pagtuturo ng pambansang panitikan

- Makapagdaos ng pulong ng pagtatatag, kabilang ang pag apruba ng konstitusyon at eleksiyon ng mga guro ng panitikang Filipino

- Makapagtanghal ng mga akdang kultural na itinuturing na bahagi ng pambansang panitikan mula sa panitikang rehiyunal panitikan ng kababaihan anak pawis at kabataan

4 Inaasahang dadalo dito ang mga kinatawan ng kawanihan at tanggapang sentral ng kagawaran mga panrehiyon at pansangay na superbisor at koordineytor sa Panitikang Filipino mga puno ng kagawaran ng Filipino o Panitikan ng Pilipinas o sinumang kinatawan sa mga pribado at pampublikong paaralan sa elementarya at sekundarya, mga miyembro ng iba pang organisasyong pampanitikan at pang edukasyon mga guro at mag aaral sa Filipino at Panitikan ng Pilipinas

5 Ang bayad sa rehistrasyon para sa lahat ng dadalo bilang delegado ay isang libo at limang daang piso (P1 500 00) para sa kit (handouts programa materyales etc ) honoraria sa mga ispiker at taff pagkain sa dalawang araw (2 tanghalian at 4 na meryenda) Lahat ng dadalo mula sa mga pampublikong paaralan ay maaaring dumalo sa opisyal na oras lamang Ang mga mula sa pribadong paaralan ay maaaring makipag ugnayan sa kanilang mga opisina hinggil sa pinansyal

6 Kalakip ang mga aktibidades sa loob ng tatlong araw Para sa karagdagang impormasyon mangyaring makipag ugnayan kay Dr Rosario Torres Yu (UP) sa Tel Nos 9244899 at 9205301 (Loc 7452 7059)

7 Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito

Andrew Gonzalez

ANDREW GONZALEZ FSC
Kalihim

Kalakip
Gaya ng nasasaad

Sanggunian
W a l a

Pamumudmod 1—(D O 50 97)

Ilalagay sa <u>Palagiang Talatuntunan</u> sa ilalim ng mga sumusunod na paksa

CONFERENCES
Learning Area, FILIPINO
SOCIETY or ASSOCIATIONS

117 C

## 1999 Pambansang Kumperensya sa Panıtıkan

Pulungang Recto Bulwagang Rızal
U P Dılıman, Quezon Cıty
Nobyembre 25 26 1999

**UNANG ARAW**

7 30 - 9 00 Rehıstrasyon

9 00 - 10 15 Pagbubukas

Pagbatı

Panauhıng Pandangal at Mensahe — Dr Bıenvenıdo Lumbera

10 15 - 10 30 Meryenda

10 30 - 12 00 Sesyon I *Pambansang Panıtıkan*

**'Tungo sa Pagsasateorya ng Pambansang Panıtıkan"**
Dr Rosarıo Torres Yu, Dr Rolando B Tolentıno
Prof Ramon Guıllermo

**Saan Ilulugar ang Dula sa Pambansang Panıtıkan?"**
Prof Glecy Atıenza

12 00 - 1 00 Tanghalıan

Sesyon 2 *Panel sa Kasarıan at Sexualıdad*

**' Guyod Dagıtı Ramut" (Hatak ng Pınag ugatan) Ang Panıtıkan ng Kababaıhan sa Dıasporang Fılıpıno**
Dr Lılıa Quındoza Santıago

**Ang Mayamang Baraytı ng Pagkalalakı sa Lıteratura ng Pılıpınas**
Dr Aurelıo S Agcaoılı

**Ang Talınghaga ng SM Cıty Cınema, o ang Posısyon ng Panıtıkan ng Bakla/Ukol sa Bakla sa Pambansang Panıtıkan"**
Prof Eugene Y Evasco

3 00 - 3 30 Meryenda

3 30 - 5 00 Kultural na Presentasyon
Dr Apolonio B Chua, Direktor

PANGALAWANG ARAW

8 00 - 10 00 Sesyon 3 *Panel sa Rehiyunal at Sektoral na Panitikan*

**Ang Dalumat ng Bayan sa Kultura at Panitikan ng mga Pamayanang Manggagawa'**
Dr Apolonio B Chua

**"Nasyonalismo at Ang Representasyon ng Bansa Bilang Babae sa Maikling Kuwentong Iloko, 1969 1985'**
G Roderick G Galam

**An Devotos Mo Sorogon sa Mga Sakit Agauon Ang *Gozos* sa *Aurora* ng mga Tabaqueño Para Kay *Nuestra Señora de Salvacion***
G Niles Jordan Breis

10 00 - 10 15 Meryenda

10 15 - 12 15 Sesyon 4 *Mga Isyu sa Pambansang Panitikan*

G Hermie Beltran Jr
Sentrong Pangkultura ng Pilipinas

Dr Pamela Constantino
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

Dr Teresita G Maceda
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Prof Jerry Respeto
Ateneo de Manila University

Prof Delfin Tolentino
Unibersidad ng Pilipinas Baguio

12 15 - 1 15 Tanghalian

| | | |
|---|---|---|
| 1 15 - 3 00 | Organisasyonal na Pulong<br>Dr Rosario Torres Yu Tagapamahala<br>Pagpapakilala ng Organisasyon<br>Konstitusyon<br>Eleksyon | |
| 3 00 - 3 30 | Meryenda | |
| 3 30 - 5 00 | Pagwawakas | |
| | Pagbati | Dr Elmer Ordoñez,<br>Phil Writers Academy |
| | Distribusyon ng Sertipiko | |